Kagawaran ng Edukasyon

Araling Panlipunan 10

Mga Epekto ng Globalisasyon

Ikalawang Markahan – Ikapitong Linggo

Hyna Chrisjune B. Arrofo
Jayson B. Vibora
John Clark G. Lumaban
Manunulat
Mark Joseph C. Fernandez
Tagasuri
Maria Elena Araja
Mariel Eugene L. Luna
Katibayan ng Kalidad

Schools Division Office – Muntinlupa City
Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940

INAASAHAN

Ang modyul na ito ay nagbabahagi ng mga kaalaman ukol sa mga epekto ng globalisasyon. Ito ay naglalayong maipamalas mo bilang mag-aaral ang iyong pag-unawa sa sanhi at implikasyon ng mga lokal at pandaigdigang isyung pang ekonomiya upang mapaunlad ang kakayahan sa matalinong pagpapasya tungo sa pambansang kaunlaran. Layunin din nitong maisabuhay mo ang mga pangunahing konsepto ng globalisasyon at pag-unawa sa sanhi at implikasyon ng mga lokal at pandaigdigang isyung pang ekonomiya upang mapaunlad ang kakayahan sa matalinong pagpapasya tungo sa pambansang kaunlaran.

Ang Modyul na ito ay nahahati sa dalawang bahagi:

- Unang Bahagi – Kahulugan ng Globalisasyon
- Ikalawang Bahagi – Uri ng Globalisasyon

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahan na ikaw ay:

1. Makapagsusuri ng mga epekto ng globalisasyon
2. Mapahahalagahan ang saloobin tungkol sa epekto ng globalisasyon
3. Nakapagbibigay ng sariling saloobin tungkol sa epekto ng globalisasyon

UNANG PAGSUBOK

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang pinakaangkop na kahulugan ng globalisasyon?
   A. Kumakatawan sa tagumpay ng kapitalismo sa mundo.
   B. Pagsusulong ng pandaigdigang kalakalan o international trade.
   C. Pagpapatatag ng mga koneksyon at ugnayan ng mga bansa sa kapwa bansa.
   D. Proseso ng pakikipag-ugnayan at pagsasama sa pagitan ng mga tao, mga kumpanya, at mga pamahalaan sa buong mundo at pagsulong ng teknolohiya sa transportasyon at komunikasyon.
2. Bilang isang mag-aaral, paano nakaaapekto ang labis na paggamit ng cellphone o gadgets sa inyong pang-araw-araw na pamumuhay?
   A. Magdudulot ng kawalan ng oras sa pag-aaral at sa pamilya.
   B. Magdudulot ng pagkaubos ng baon na pera sa pagbili ng load.
   C. Magdudulot ng pagkakasakit dahil sa hindi tama ang oras ng pagtulog.
   D. Magdudulot ng pagbabago sa kalusugan, pang-unawa, ugali at gawi sa pagdedesisyon.

3. Alin sa uri ng globalisasyon ang tumutukoy sa higit na napalaganap ang wikang English bilang pamamaraan ng komunikasyon sa mga transaksiyon sa kalakalan, pamahalaan, diplomatikong ugnayan sa pagitan ng mga estado, instruksiyon sa mga paaralan at mga akdang nailathala sa maraming bansa sa daigdig?
   A. Globalisasyong Ekonomiko
   B. Globalisayong Kultural
   C. Globalisasyong Panlipunan
   D. Globalisasyong Politikal

4. Alin sa mga sumusunod ang nagpahayag na ang globalisasyon ay hindi lamang isang penomenong pang-ekonomiya kundi isang panlipunang ugnayan ng mga pamayanan sa iba pang pamayanan sa daigdig?
   A. Adam Smith
   B. Anthony Giddens
   C. Immanuel Wallerstein
   D. Thomas Friedman

5. Anong uri ng kompanya ang mga kilalang *fastfoods* tulad Mcdo, Burger King, KFC, Bonchon at maging ang Jollibee na hindi na lamang sa Pilipinas matatagpuan kundi maging sa ibang bansa na rin at unti-unti ng nakikilala ng mga iba't-ibang lahi?
   A. International Corporation
   B. Multinational Corporation
   C. Open corporation
   D. Transnational Corporation

6. Anong fastfood chain ang may tagline na "Bida ang Saya"?
   A. Bonchon
   B. Burger King
   C. Jollibee
   D. Mcdo

7. Anong uri ng globalisasyon ang nagpapakita kung paano naiimpluwensyahan ng mga politikong tao o grupo ang kabuuan ng bansa at relasyon ng bansa sa iba't ibang panig ng daigdig?
   A. Globalisasyong Ekonomiko
   B. Globalisayong Kultural
   C. Globalisasyong Panlipunan
   D. Globalisasyong Politikal

8. Ano ang pangyayaring nagdulot ng pagbabago sa buhay ng tao ngayon?
   A. Demolisyon
   B. Globalisasyon
   C. Migrasyon
   D. Operasyon

9. Bakit maituturing na isyung panlipunan ang globalisasyon?
   A. Dahil sa nalulugi ang lokal na namumuhunan
   B. Dahil sa nagiging pamantayan ang wikang Ingles
   C. Dahil sa kahirapan dulot ng paglaki ng agwat ng mayaman at mahirap.
   D. Dahil sa tuwiran at direkta nitong binago, patuloy na binabago at hinahamon ang pamumuhay ng mga perennial institutions na matagal ng naitatag.

10. Paano nakakapagpabilis sa interaksiyon ng mga bansa ang globalisasyon?
   A. Dahil sa mabuting ugnayan ng mga bansa
   B. Dahil sa mabilis na palitan ng impormasyon ng bawat bansa
   C. Dahil sa mabilis na pagtugon ng mga bansa sa mga banta na nagdudulot ng kapinsalaan
   D. Dahil sa pagpapalawig, pagpaparami at pagpapatatag ng mga koneksyon at ugnayan ng mga bansa sa kapwa bansa at sa mga international organization sa aspekto ng ekonomiya, poliyika, kultura at lipunan

11. Paano nakaaapekto ang globalisasyon sa lipunan?
    A. Pagkakaroon ng mataas na antas ng pamumuhay
    B. Pagkakaroon ng maraming pagpipiliang produkto na galing sa ibang bansa
    C. Pagkakaroon ng sistematikong ugnayan sa pagitan ng mga bansa, pandaigdigang samahan at maging ng mga non-governmental organization. (NGO)
    D. Pagkakaroon ng mataas na antas na bilang ng migrasyon na nagdudulot ng pagbabago sa pamamaraan, karanasan ng mga tao pagdating sa pagtanggap sa isang kultura.

12. Paano nakaaapekto ang globalisasyon sa ekonomiya?
    A. Pagkakaroon ng mataas na antas ng pamumuhay
    B. Pagkakaroon ng maraming pagpipiliang produkto na galing sa ibang bansa
    C. Pagkakaroon ng sistematikong ugnayan sa pagitan ng mga bansa, pandaigdigang samahan at maging ng mga non-government organization (NGO).
    D. Pagkakaroon ng mataas na antas na bilang ng migrasyon na nagdudulot ng pagbabago sa pamamaraan, karanasan ng mga tao pagdating sa pagtanggap sa isang kultura.

13. Anong uri ng globalisasyon na makikita ang progreso ng kalakalan ng mga produkto o serbisyo ng bawat bansa mula sa iba't ibang panig ng mundo at may malayang pagdaloy ng puhunan, lakas-paggawa, kalakal, salapi at iba pa.
    A. Globalisasyong Ekonomiko
    B. Globalisayong Kultural
    C. Globalisasyong Panlipunan
    D. Globalisasyong Politikal

14. Paano nakaaapekto ang globalisasyon sa politika?
    A. Pagkakaroon ng mataas na antas ng pamumuhay
    B. Pagkakaroon ng maraming pagpipiliang produkto na galing sa ibang bansa
    C. Pagkakaroon ng sistematikong ugnayan sa pagitan ng mga bansa, pandaigdigang samahan at maging ng mga non-government organization (NGO).
    D. Pagkakaroon ng mataas na antas na bilang ng migrasyon na nagdudulot ng pagbabago sa pamamaraan, karanasan ng mga tao pagdating sa pagtanggap sa isang kultura.

15. Paano nakaaapekto ang globalisasyon sa kultura?
    A. Pagkakaroon ng mataas na antas ng pamumuhay
    B. Pagkakaroon ng maraming pagpipiliang produkto na galing sa ibang bansa
    C. Pagkakaroon ng sistematikong ugnayan sa pagitan ng mga bansa, pandaigdigang samahan at maging ng mga non-government organization. (NGO)
    D. Pagkakaroon ng mataas na antas na bilang ng migrasyon na nagdudulot ng pagbabago sa pamamaraan, karanasan ng mga tao pagdating sa pagtanggap sa isang kultura.

BALIK-TANAW

LARASURI (Larawan-Suri)
Larawang Batayan Dulot ay Sagot na Makabuluhan

Panuto: Suriin ang mga larawan at tukuyin kung ito ba ay nabibilang sa Globalisasyong Teknolohikal o Globalisasyong Sosyo-kultural. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang guhit sa bawat bilang.

1.

_____

2.

_____

3.

_____

4.

_____

5.

_____

Hall, Jason. "The Eight Best Types of Social Media for Advertising: Five Channels Marketing." Inbound Marketing Services and One Account Manager. Five Channels Marketing, September 2, 2018. https://fivechannels.com/the-eight-best-types-of-social-media-for-advertising/

Mga Gabay na Tanong

1. Paano nakakaapekto ang isyung sosyo-kultural at teknolohikal sa globalisasyon?
2. Ano ang kahalagahan ng sosyo-kultural sa usaping pang-ekonomiya?
3. Sa iyong palagay, may mabuti bang naidudulot sa pamumuhay ng mga tao ang paglaganap ng globalisayon? Pangatwiranan.



PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Tagpuan ng Kaalaman, Panahon ang Batayan

Panuto: Punan ng mga pamamaraan ng pamumuhay. Isulat sa ikalawang kolum ang mga pamamaraan ng pamumuhay noon at sa ikatlong kolum ang pamamaraan ng pamumuhay ngayon at sagutin ang mga gabay na tanong sa ibaba.



Mga Gabay na Tanong

1. Ano ang pagkakaiba ng pamamaraan ng pamumuhay noon sa ngayon?
2. Batay sa sariling pagsusuri, ano ang sanhi ng mga naitalang pagbabago?
3. Nakabuti o nakasama ba ang mga pagbabagong ito? Ipaliwanag.
4. Ano ang mga implikasyon nito sa lipunan?

Kahulugan ng Globalisasyon

- Ito ay proseso ng pakikipag-ugnayan at pagsasama sa pagitan ng mga tao, mga kumpanya, at mga pamahalaan sa buong mundo.
- Ito rin ay nangangahulugan ng pagpapalawig, pagpaparami at pagpapatatag ng mga koneksyon at ugnayan ng mga bansa sa kapwa bansa at sa mga international organization sa aspekto ng ekonomiya, politika, kultura at lipunan.
- Ito ay isang proseso ng mabilisang pagdaloy o paggalaw ng bagay, impormasyon, produkto, at tao tungo sa iba't ibang direksyon na nararanasan sa iba't ibang panig ng daigdig. Sinasalamin ng globalisasyon ang makabagong mekanismo upang higit na mapabilis ng tao ang ugnayan sa bawat isa.
- Pagsusulong ng padaigdigang kalakalan o international trade sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga pambansang hangganan at pagbabawas sa paghihigpit sap ag-angkat ng mga produkto.
- Ito ay ang mas mabilis na pagka-ugnay ng mga bansa sa mundo. Dahil ito sa pag-angat ng modernong teknolohiya, pangangalakal, at ekonomiya.
- Ayon sa World Bank at International Monetary Fund, lubos na mahalaga ang pagtutulungan ng mga bansa upang umunlad. Ito ang pangunahing layunin ng globalisasyon.

Tatlong Uri ng Globalisasyon:

1. **Globalisasyong Ekonomiko**

- Ito ang uri ng globalisasyon kung saan makikita ang progreso ng kalakalan ng mga produkto o serbisyo ng bawat bansa mula sa iba't ibang panig ng mundo.
- Malayang pagdaloy ng puhunan, lakas-paggawa, kalakal, salapi at iba pa.
- Ito ay ang pag-usbong ng mga malalaking korporasyon na ang operasyon ay hindi lamang nakatuon sa sariling bansa kundi maging sa ibang bansa.
- Paglaganap ng mga makabagong transportasyon at ang mabilis na pag-unlad ng teknolohiya na naging daan upang mas mapabilis ang pakikipag-ugnayan saan mang panig ng mundo.

2. **Globalisasyong Kultural**

- Tumutukoy sa paglago ng koneksyong *cross-cultural,* ang pagkakaroon ng malawak na pag-unawa at pagpapahalaga sa iba't-ibang kultura ng iba't-ibang bansa sa buong mundo (San Juan, et al 2007).
- Higit na napalaganap ang wikang English bilang pamamaraan ng komunikasyon sa mga transaksiyon sa kalakalan, pamahalaan, diplomatikong ugnayan sa pagitan ng mga estado, instruksiyon sa mga paaralan at mga akdang nailathala sa maraming bansa sa daigdig.
- Sa uri ng globalisasyon na ito, matutukoy ang pag-unlad ng mga lumang kagamitan at paraan ng pamumuhay mula noon hanggang ngayon.

3. **Globalisasyong Politikal**

- Ito ang uri ng globalisasyon kung saan makikita kung paano naiimpluwensyahan ng mga politikong tao o grupo ang kabuuan ng bansa at relasyon ng bansa sa iba't ibang panig ng daigdig.
- Ito ay ang paglaki o paglawak ng pandaigdigang sistemang pampulitika. Ang ASEAN (Association of Southeast Asian Nation) ay isa lamang sa mga halimbawa ng globalisasyong politikal na kung saan ang bawat lider ng mga bansa sa Timog-Silangan Asya ay nagtitipon o nagsasama-sama upang pag-usapan ang mga usaping tulad na lamang ng ekonomiya, turismo, trabaho para sa mga manggagawa, usaping pangkapayapaan, pangkalusugan at iba pa.

Mga Halimbawa ng Globalisasyon

Pagkalat ng mg multinational at transnational corporations sa iba't ibang bansa katulad ng ilang mga kilalang *fast foods* tulad **Mcdo, Burger King, KFC, Bonchon** at maging ang **Jollibee** na hindi na lamang sa Pilipinas matatagpuan kundi maging sa ibang bansa na rin at unti-unti ng nakikilala ng mga iba't-ibang lahi. Mga sikat na brand ng sasakyan tulad ng **Toyota, Suzuki, Mercedes-Benz, Ford** at iba pa.

Paglawak ng paggamit ng internet, tulad na lamang ng **Facebook, Twitter, Instagram, Zoom, Facetime** ay ilan lamang sa mga *website* na magagamit sa mabilis na paraan sa pakikipag-ugnayan saan mang bahagi ng mundo. Nagagamit na rin ang mga ito sa mga negosyo at sa pag-anunsyo. Kaya na ring maibahagi ang sariling opinyon. Nagagawa na ring magnegosyo o magbenta at bumili na hindi na kailangan lumabas ng bahay dahil sa

online selling/online shop gamit ang mga *website* tulad ng **Lazada, Shopee, Zalora** at marami pang iba.

Paglaganap ng mga imported na mga produkto sa merkado, halimbawa na lamang ng mga pagkain tulad ng **Hersheys, Cadbury, Pringles**, at iba pa na kilala sa iba't ibang mga bansa.

Pagkakaroon ng mas malayang interaksyon ng mga bansa (halimbawa: ASEAN Integration sa pagitan ng mga bansa na kabilang sa Association of Southeast Asian Nations)

GAWAIN

Idol mo rin ba sila?

Panuto: Suriin ang larawan sa ibaba at magbigay ng mga dahilan kung bakit sila ay iniidolo ng mga kabataan sa ngayon.

https://ccsearch.creativecommons.org/photos/760f8548-ec8f-416a-bef6-6b481cb484a2

Magbigay ng 5 pangunahing dahilan kung bakit sila iniidolo ng mga kabataan sa ngayon. Isaalang-alang ang mga natutunan sa aralin tungkol sa globalisasyon.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

TANDAAN

1. Ang globalisasyon ay ang proseso ng pakikipag-ugnayan at pagsasama sa pagitan ng mga tao, mga kompanya, at mga pamahalaan sa buong mundo.
2. Ito rin ay nangangahulugan ng pagpapalawig, pagpaparami at pagpapatatag ng mga koneksyon at ugnayan ng mga bansa sa kapwa bansa at sa mga international organization sa aspekto ng ekonomiya, politika, kultura at lipunan.

3. Ang globalisasyon ay pagsusulong ng padaigdigang kalakalan o international trade sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga pambansang hangganan at pagbabawas sa paghihigpit sap ag-angkat ng mga produkto.
4. Ang globalisasyong ekonomiko ay ang uri ng globalisasyon kung saan makikita ang progreso ng kalakalan ng mga produkto o serbisyo ng bawat bansa mula sa iba't ibang panig ng mundo at malaya ang pagdaloy ng puhunan, lakas-paggawa, kalakal, salapi at iba pa.
5. Ang globalisasyong kultural ay tumutukoy sa paglago ng koneksyong *cross-cultural,* ang pagkakaroon ng malawak na pag-unawa at pagpapahalaga sa iba't-ibang kultura ng iba't-ibang bansa sa buong mundo (San Juan, et al)
6. Ang globalisasyong politikal ay isang uri ng globalisasyon kung saan makikita kung paano naiimpluwensyahan ng mga politikong tao o grupo ang kabuuan ng bansa at relasyon ng bansa sa iba't ibang panig ng daigdig.

PAG-ALAM SA NATUTUHAN

Ang Sabi ni Mayor:

Panuto: Kamakailan lamang ay nagpalabas ng anunsiyo ang ating butihing punonglungsod patungkol sa pag-iingat laban sa Covid 19 virus. Suriin ang larawan at sagutin ang pamprosesong tanong sa ibaba.

https://web.facebook.com/officialMuntinlupacity/photos/a.485080478247543/3336976453057917/

Pamprosesng Tanong:

1. Ano ang mensahe ng larawan?
2. Bakit kaya ito ay unang inilabas sa social media?

3. Mas madali bang makarating ang balita sa mga mamamayan ng Muntinlupa kung sa social media ito iaanunsiyo? Bakit?
4. Kung ikaw ay maglalagay ng komento sa post na ito ng ating City Government, ano ang iyong masasabi sa iyong komento?

PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT

Panuto: Isulat ang letra ng tamang sagot ayon sa uri ng globalisasyon.

A. Globalisasyong Ekonomiko
B. Globalisasyong Kultural
C. Globalisasyong Pulitikal

_____1. Lazada
_____2. KPOP
_____3. ASEAN
_____4. Mc Donalds
_____5. Visiting Forces Agreement
_____6. Shell
_____7. OPEC
_____8. Whitening Products
_____9. Zalora
_____10. Facebook
_____11. Ugnayang Diplomatiko ng Tsina at Pilipinas
_____12. Wikang Ingles (English)
_____13. Samsung
_____14. Ugnayang Diplomatiko ng Russia at Pilipinas
_____15. Koreanovela

Sanggunian

"File:Korea KPOP World Festival 13.Jpg." CC Search. Accessed September 4, 2020. https://ccsearch.creativecommons.org/photos/760f8548-ec8f-416a-bef6-6b481cb484a2.

"City Government of Muntinlupa - OFFICIAL." Pinapaalalahan ang publiko na patuloy na... - City Government of Muntinlupa - OFFICIAL. Accessed September 4, 2020. https://web.facebook.com/officialMuntinlupacity/photos/a.485080478247543/3336976453057917/.

Bautista, Lavinia Lyle. "GRADE 10 GLOBALISASYON." SlideShare, June 13, 2017. https://www.slideshare.net/kheesa/grade-10-globalisasyon.

edwin planas ada Follow. "Globalisasyon Week 1 Paunlarin." SlideShare, August 21, 2017. https://www.slideshare.net/nwied/globalisasyon-week-1-paunlarin.

Carlo, Brian. "Pagtuklas Sa Globalisasyon: Ano Ang Kahulugan at Epekto Nito Sa Atin." Pinoy Newbie, April 29, 2019. https://www.pinoynewbie.com/ano-ang-globalisasyon/.

Vega, Violeta A., Nelia G. Prieto, and Myrna L. Carreon. *Social Dimensions of Education*. Quezon City: Lorimar Publishing, 2015.

1A,2B,3C,4A,5C,6A,7C,8B,9A,10B,11C,12B,13A,14C,15B

Pangwakas na Pagsusulit

1D,2D,3B,4B,5B,6C,7D,8B9D,10D,11A,12B,13A,14C,15D

Unang Pagsubok

SUSI SA PAGWAWASTO